| Aralin 1 | الدرس الأول |
|---|---|

# Ang Kabilang Buhay[1]

Ang papuri ay ukol kay Allah. Ang pagpapala at ang pagbati ni Allah ay matamo ng pinakadakila sa lahat ng mga Propeta at mga Sugo, at ng lahat ng mag-anak niya at mga Kasama niya.

Kabilang sa mga Saligan at anim na Haligi ng Pananam-palataya ang paniniwala sa Kabilang Buhay o Huling Araw.[2] Kaya naman ang tao ay hindi magiging Mananampalataya hanggat hindi siya sumasampalataya sa nasasaad sa Aklat ni Allah (Qur'an) at sa mga napatotohanang sunnah[3] ng Sugo (SAS) na nahihinggil sa Araw na iyon. Ang kaalaman hinggil sa Araw na ito at ang madalas na paggunita rito ay mahalaga dahil may malaking impluwensiya ito sa pagi-ging matuwid ng kaluluwa ng tao, sa pangingilag niya na magkasala, at sa pananatili niya sa Relihiyon mula kay Allah. Walang nagpapatigas sa puso at nagpapasigla sa paggawa ng mga pagsuway kay Allah na tulad ng pagpa-pabaya sa paggunita sa Araw na iyon, at sa mga kakila-kilabot na bagay at mga matinding kapighatian sa Araw na iyon, na hinggil doon ay nagsabi si Allah (73:17): **sa isang araw na gagawin ang mga bata na ubanin?** at nagsabi rin Siya (22:1-2): **O mga tao, mangilag kayong magkasala sa Panginoon ninyo! Tunay na ang pagyanig ng Huling Sandali ay kakila-kilabot na bagay. Sa Araw na makikita ninyo ito ay malilimutan ng bawat nagpa-pasuso ang pinasuso nito, mailalaglag ng bawat may dinadala *sa sinapupunan* ang dinadala nito, at maki-kita mo ang mga tao na *parang* mga lasing at hindi naman sila lasing ngunit *dahil sa* ang pagdurusa mula kay Allah ay matindi.**

**Ang Kamatayan:** Ang kamatayan ang katapusan ng lahat ng may buhay rito sa mundo. Nagsabi si Allah (3:185): **Ang bawat kalu-luwa ay makatitikim ng kamatayan.** Nagsabi pa Siya (55:26): **Lahat ng sinumang nasa ibabaw ng *lupa na* ito ay malilipol.** Nagsabi naman Siya sa Sugo Niya (SAS) (39:30): **Tunay na ikaw ay mamamatay at tunay na sila ay mga mamamatay. Samakatuwid, walang isa man sa** mga tao ang mabubuhay magpakailan man sa mundong ito. Nagsabi si Allah (21:34): **Hindi Namin ipinagkaloob sa isang tao noong wala ka pa ang buhay na mananatili.**

Ang kamatayan ay tiyak na mangyayari na hindi maga-gawang pagdudahan. Ngunit sa kabila nito, ang karamihan sa mga tao ay mga pabaya. Kaya kailangang dalasan ng isang Muslim ang pag-aalaala sa kamatayan at paghanda-an ito. Kailangan ding magbaon siya ng mabuting nagawa sa mundo para sa kapakanan niya sa Kabilang-buhay bago mahuli ang lahat. Nagsabi ang Sugo (SAS): ***Samantalahin ninyo ang limang ito bago dumating ang limang iyon: ang buhay mo bago dumating ang kamatayan mo, ang kalusugan mo bago dumating ang karamdaman mo, ang kawalang-gawain mo bago dumating ang pagkakaaba-lahan mo, ang kabataan mo bago dumating ang katan-daan mo, at ang yaman mo bago dumating ang karali-taan mo.*** (Musnad al'Imám Aḫmad)

Dapat mong malaman na ang patay ay walang mada-dala sa libingan niya na anumang makamundong pag-aari. Ang matitira lamang sa kanya ay ang nagawa niya. Kaya maging masigasig kang magbaon ng mabuting gawa na sa pamamagitan nito ay matatamo mo ang buhay na walang hanggan at ang kaligtasan sa pagdurusa kung ipahihintu-lot ni Allah.

---

[1] O Ang Huling Araw sa literal na kahulugan.
[2] Anumang magaganap pagkatapos ng kamatayan ng tao.
[3] Ang Sunnah, na may malaking titik na **S**, ay tumtukoy sa kung ano ang sinabi, ang ginawa at ang sinang-ayunan ng Propeta Muhammad (SAS). Ang sunnah naman, na may maliit na titik na **s**, ay tumutu-koy sa gawaing kanais-nais gawin dahil ayon sa Sunnah ng Propeta. Ang gawaing sunnah ay kanais-nais ngunit hindi tungkuling isagawa.